

1. Tungkol sa Cash Hand-outs

Bilang hakbang upang maibasan ang epekto sa ekonomiya ng bagong corona virus, ang mga dayuhan din na may visa o nabigyan ng pahintulot na manalagi sa Japan ng may tatlong buwan pataas at nakarehistro sa munisipiyo ay mabibigyan ng isang daang libong yen (¥100,000) na cash hand outs na ipagkakaloob ng pamahalaan.

Ang munisipiyo ay nag-umpisa ng magpadala ng application forms para dito mula pa noong ika-14 ng Mayo sa pamamagitan ng koreo. Kapag dumating ang application form ay dapat sagutin ang mahahalagang impormasyon tungkol sa aplikante at pagkatapos ay ibalik ito gamit ang kalakip na sobre.

Mangyaring tingnan ang website ng TCIEA o ang Tochigi City International Exchange Association para sa wastong gabay kung paano I fill-up ang ipinadalang application form.

Sa likod ng application form ay dapat ilakip o idikit ang kopya ng alien card ganun din ang kopya ng libreta ng banko na kung saan nakasaad ang bank account number ng aplikante.

Dapat isumite ang aplikasyon bago matapos ang ika-20 ng Agosto ngayong taon.

2. Tungkol sa mga Halimbawa ng Pagsasanay sa Pamumuhay ng “Bagong Normal”.

Ayon sa pagpupulong ng mga dalubhasa ng pamahalaan ng bansang Hapon, upang hindi na muling kumalat ang impeksyon dulot ng bagong corona virus ay kinakailangan ipatudad ang mga pagbabago sa ating nakaugaliang pamumuhay sa araw-araw. Sa pagpupulong na ito ay particular na iminungkahi ang pagsasanay sa bagong normal na pamumuhay.

Unang-una, ang bawat isa ay dapat sundin ang tatlong pangunahing kaalaman ukol sa pag-iwas sa impeksyon.

Una, dapat magkaroon ng mahigit dalawang metro na distansya na pagitan ang bawat isang tao.

Pangalawa, ay ang pagsuot ng face mask tuwing lalabas ng bahay.

Pangatlo ay ang mariing paghuhugas ng kamay sa loob ng mahigit 30 segundos sa pamamagitan ng tubig at sabon.

Ang susunod naman ay ang kaugnay sa pag-iwas sa pagpunta sa mga lugar na kung saan ay mataas ang bilang ng mga nahawaan. Ito ay pamamaraan rin upang hindi kumakalat ang sakit. Sa ating pangaraw-araw na pamumuhay ay tandaan lalo na ang tatlong sumusunod na bagay:

Una, huwag magpunta sa lugar na hindi maganda ang bentilasyon ng hangin.

Pangalawa, huwag din pumunta sa lugar na matao at kung saan marami ang nagtitipon-tipon.

Pangatlo, huwag makipag-usap ng malapitan sa sinuman.

Gayundin sa pagpunta sa mga pamilihan ay dapat mag-isa lamang o huwag marami ang kasama sa pamimili. Kung kinakailangan ay magpunta lamang sa pamilihan sa mga oras na kung kelan kaunti lamang ang mga namimili.

Sa pagpila sa pagbayad ng mga pinamili ay dapat may pagitan na distansya sa harap at likod natin sa iba pang mga nakapila.

Sa pagsakay ng bus at tren ay dapat iwasan ang pakikipag-usap.
Sa pagkain sa labas naman ay kung kinakailangan gawin na lang “take-outs”, at kung kakain man ng may kasama sa mga restaurants ay huwag magkaharap kung hindi nasa tabi na lang dapat ang kasamang kakain .

3. Tungkol sa Pagkakaroon ng Bayad sa mga Pamilihan ang mga Ibinibigay na Plastic Shopping Bags.

Mula sa umpisa ng Hulyo ngayong taon, ang mga plastic shopping bags na dati na ipinamamahagi sa mga pamilihan gaya ng supermarkets at convenience stores ng libre ay magkakaroon na ito ng bayad.

Dahil sa polusyon sa dagat dulot ng basurang plastics o pagsusunog nito na nakakalikha ng carbon dioxide. Ito ay pandaigdig na suliranin dahil ito ay sanhi ng Gobal Warming. Maging sa bansang Hapon upang mabawasan ang paggamit ng plastic shopping bags ay ginawa na itong hindi libre sa mga pamilihan.

Ang pagkakaroon ng bayad sa mga ibinibigay sa pamilihan na mga plastic shopping bags ay magbibigay daan upang gumamit na ng sariling lalagyan na kung tawagin ay “My Bag” at upang maging aware at mabatid na kahit ang mga mamimili ang kahalagahan ng Ekolohiya.

Tayong lahat, bawa’t isa, sa ating pangaraw-araw na pamumuhay ay ugaliin na natin ang hindi paggamit ng plastic shopping bags na kahit sa ganitong maliit na pamamaraan ay mapabuti natin ang kapaligiran at ang mundong ating tirahan.

Gaya ng suliranin dulot ng bagong corona virus, kinakailangan na natin suriing mabuti ang ating nakaugaliang pangaraw-araw na pamumuhay.